Republika ng Pilipinas
Tanggapan ng Pangulo

# KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

**KAPASIYAHAN NG KALUPUNAN NG MGA KOMISYONER BLG. 16-15**
**Serye 2016**

## PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN PARA SA TIMPALAK IISPEL MO!

SAPAGKAT, iniaatas ng Batas Republika Blg. 7104 na mandato ng KWF na hikayatin at palaganapin, sa pamamagitan ng sistema ng mga insentibo, ang mga grant at gawad, ang pagsusulat at publikasyon—sa Filipino at ibang mga wika ng Filipinas—ng mga akdang orihinal, kabilang ang mga teksbuk at sangguniang materyales sa iba't ibang disiplina;

SAPAGKAT, iniaatas pa ng naturang batas sa KWF na tawagan ang alinmang kagawaran, kawanihan, opisina, ahensiya, o alinmang kasangkapan ng Pamahalaan, o alinmang pribadong entidad, institusyon, o organisasyon para sa kooperasyon at tulong sa pagtupad ng mga gawain, tungkulin, at pananagutan nitó;

IPINAPASIYA, gaya ng ginagawang pagpapasiya ngayon, na pagtibayin ang bagong gawad / timpalak na tatawaging "Iispel Mo!" na isang pambansang timpalak sa ispeling sa wikang Filipino para sa mga mag-aaral ng ikaanim na baitang sa pakikipagtulungan ng KWF sa Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) at Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino (KASUGUFIL);

IPINAPASIYA sa wakas, na maglalaan ang KWF ng kaukulang pondo para sa pagpapatupad ng proyektong ito.

PINAGTIBAY ng Kalupunan ng mga Komisyoner ngayong 22 Hunyo 2016 sa Las Casas Filipinas de Acuzar, Bagac, Bataan.

**KOM. VIRGILIO S. ALMARIO, NA**
Tagapangulo

**KOM. PURIFICACION DELIMA**
Kagawad

**KOM. LORNA E. FLORES**
Kagawad

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
TINANGGAP
Petsa: 7/05/16 Oras: 11:05
Ni:
YUNIT NG MGA KASULATAN

KAPASIYAHAN NG KALUPUNAN NG MGA KOMISYONER BLG. 16-15
Serye 2016

KOM. ABDON M. BALDE JR.
Kagawad

KOM. JOHN E. BARRIOS
Kagawad

KOM. JIMMY B. FONG
Kagawad

KOM. JERRY B. GRACIO
Kagawad

KOM. MA. CRISANTA N. FLORES
Kagawad

KOM. LUCENA P. SAMSON
Kagawad

KOM. ABRAHAM P. SAKILI
Kagawad

KOM. HOPE S. YU
Kagawad